# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2026년 3월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa mga Kababaihan sa Americas**

Ang Brazil ay tahanan ng mahigit 213 milyong tao, na mahigit kalahati ay mga babae, at mahigit sa 81% ay mga Kristiano. Maraming kababaihan ang nagbabalanse ng trabaho at responsibilidad sa pamilya habang humaharap sa karahasan, hindi patas na pakikitungo ng lipunan at mababang sweldo. Bilang resulta, maraming kababaihan ang nakakaramdam ng sakit at nag-aalinlangan na tanggapin ang responsibilidad sa pag-aasawa at pagkakaroon ng anak. Madalas ay nararamdaman nila na sila ay napag-iiwanan. Walang respeto ang lipunan sa kanila dahil sa mga hadlang na kanilang kinakaharap. Ang TWR Women of Hope sa Brazil ay nagsasahimpapawid ng lingguhang programa upang matulungan ang mga kababaihan sa kanilang nakakapagod na pang-araw-araw na buhay. Ipanalangin natin na nawa ay matagpuan ng lahat ng mga kababaihan sa Brazil ang Diyos na nagmamahal sa kanila ng labis at tanggapin nila ang kagalingan mula sa mga sugat at tumindig sila na may pananampalataya.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1.** Panginoon, ingatan Mo po at panumbalikin ang mga kababaihang Bolivian na nagdurusa sa karahasan sa loob ng tahanan. Ipagkaloob Mo ang ligtas na lugar kung saan ay mararanasan nila ang Iyong pagpapagaling at wagas na pagmamahal. (Ps. 147:3)

**2.** Ama, punuin Mo ng karunungan, pagibig, integridad at kahahabagan ang mga namumuno sa Bonaire para sa kanilang mga mamamayan upang ang kapayapaan at pagkakaisa ay mangibabaw sa kanilang mga komunidad. (Matt. 5:9)

**3.** Diyos, palakasin, suportahan at gabayan Mo nawa ang mga bata at solong ina at ang kanilang mga anak na ang mga ama ay walang pakialam sa kapakanan ng kanilang mga anak upang sila ay pag-aralin at masuportahan ang kanilang mga pangangailangan. (Isa. 41:10)

**4.** Pagkalooban Mo nawa ng karunungan at katapangan ang mga kababaihang Canadian sa kanilang pagbabahagi ng Ebanghelyo ni Cristo sa kanilang trabaho, paaralan at mga kapitbahay. Nawa ang kanilang buhay ay tumugma sa kanilang mensahe. (Acts 4:29)

**5.** Panginoon, magtindig Ka nawa ng mga kababaihang Chilean, na maglilingkod na may pag-ibig at kapakumbabaan sa kanilang Iglesya, tahanan at trabaho. Nawa ay maipamuhay nila ang Ebanghelyo bilang kinatawan ng pagkakasundo at kahabagan. (2 Cor. 5:20)

**6.** Mahabaging Diyos, pagkalooban Mo nawa ng trabaho ang mga kababaihan sa Dominican Republic upang magkaroon sila ng mapagkakakitaan para sa kanilang mga sarili at sa kanilang pamilya. (Ps. 90:17)

**7.** Ama, Ikaw nawa ang maging batong kanlungan ng mga kababaihan sa Honduras. Ingatan Mo nawa sila mula sa karahasan, kabagabagan at kahirapan. (Ps. 46:1)

**8.** Ama, magdala Ka nawa ng pagbabagong espritual sa puso at isipan ng mga kalalakihan sa Mexico na gumagawa ng karahasang pisikal at sikolohikal laban sa mga kababaihan at sa kanilang buhay. (Ezek. 36:26)

**9.** Panginoon, nawa ang mga mag-asawa at pamilya sa Paraguay ay mabuo at mapalakas ayon sa prinsipyo ng Biblia. Nawa ang mga pamilya ay magmahalan at maggalangan sa isa't isa. (1 Pet. 4:8)

**10.** Diyos, nawa ang aming grupo ay mabigyan ng permiso na magtrabaho sa bilangguan ng mga kababaihan sa Uruguay. Nawa ang Iyong Ebanghelyo ay magpalaya sa puso ng mga nakabilanggo upang sila ay makasamang muli ng komunidad nang may dignidad. (Luke 4:18)

**11.** Ang mga Kabataang babae sa U.S. ay lumalayo sa pananampalataya at sa mga Gawain nito at kulang sa makahulugang suporta mula sa nakakatanda sa kanilang buhay. Nawa ay magkaroon ng mga matured na Kristianong kababaihan na mag-aalaga sa kanila upang maipasa ang pananampalataya. (Ps. 78:4)

**12.** Pagkalooban Mo nawa ang mga kababaihan sa Venezuela ng panibagong lakas, Panginoon, sa gitna ng mahirap na kalagayan ng kanilang bansa. Nawa ang Iyong mga anak ay magkaroon ng kapayapaan at katiyagaan. (Gal. 6:9)

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**13**. Pagkalooban Mo nawa ng karunungan, pagkakaisa at tapang na maibahagi ang Ebanghelyo ang mga kababaihang Bolivian na naglilingkod sa Iglesya at sa komunidad sa kanilang pagtulong sa mga kababaihang nangangailangan. (2 Tim. 1:7)

**14**. Panginoon, ingatan Mo ang mga pamilya sa Bonaire, lalo na ang mga batang mahihina, sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig. Bigyan Mo sila ng seguridad upang ang kanilang hinaharap ay mapuno ng pag-asa. (Ps. 91:1-2)

**15**. Diyos, nawa ang mga kababaihan na naninirahan sa liblib na lugar ng Brazil ay magkaroon ng maayos na kalusugan at atensyong medical. (Jer. 30:17)

**16**. Ama, tawagin Mo ang bagong henerasyon ng kababaihang Canadian tungo sa pagmiministeryo sa Iglesya at pagmimisyon. Nawa ang Iglesya ay sadyain na magdisipulo at magturo sa kanila. (Matt. 28:19-20)

**17**. Panginoon, nawa ang mga ina sa Dominican Republic ay magbigay ng atensyon, pangangalaga at disiplinang kailangan ng kanilang mga anak upang sila ay lumaki ayon sa Iyong pamamaraan. (Ps. 32:8)

**18**. Panginoon, magtindig Ka nawa ng mga magboboluntaryong tutulong sa aming grupo sa Mexico. Ipagkaloob Mo ang kanilang mga pangangailangan at bigyan Mo sila ng isip na malikhain sa kanilang pagdadala ng pag-asa ni Jesus sa mga kababaihan sa bansa. (1 Pet. 4:10)

**19**. Purihin ang Diyos dahil hiwalay na ang kulungan ng mga babae at lalake sa mga bilangguan sa Paraguay, at naiingatan na ang mga kababaihan mula sa pang-aabusong seksual. Nawa ang mga babaeng bilanggo ay mapakitunguhan ng patas at may dignidad. (Heb. 13:3)

**20**. Ama, tulungan Mo ang mga kababaihan sa Uruguay na maiwasan ang pagkalulong sa droga upang matakasan ang mga problema at impluensya sa lipunan. Sagipin Mo sila mula sa pagkalulong at gabayan upang matagpuan ang kalayaan galing sa Iyo. (2 Cor. 12:9)

**21**. Panginoon, gabayan Mo ang mga Iglesya sa U.S. upang makapagbigay sa komunidad at makatulong sa mga magulang na nangangailangn ng kagalingan upang masuportahan ang kanilang mga anak na may sakit sa pag-iisip. (Gal. 6:2)

**22**. Panginoon, palakasin Mo ang mga kababaihang Bolivian sa spiritual at sa emosyonal na aspeto ng buhay. Tulungan Mo sila sa gitna ng mga hamon sa pamilya, ekonomiya at lipunan upang ang kanilang pag-asa ay maging bago araw-araw. (Rom. 15:13)

**23**. Gabayan Mo ang mga autoridad sa Bonaire, Panginoon, bigyan Mo sila ng pagkaunawa upang maitatag ang hustisya, matatag na ekonomiya at may kalidad na edukasyon para sa mga mamamayan. (Prov. 2:6)

**24**. Ang mga kababaihan sa Brazil ay humaharap sa tumataas na bilang ng kaso ng pagpatay at karahasan. Magdala Ka nawa ng pagbabago sa puso ng mga nang-aabuso. (2 Thess. 3:3)

**25**. Panginoon, nawa ang mga kababaihang Canadian ay lumago sa malalim, personal na pagmamahal kay Cristo at yakapin ang pagbabasa ng Biblia, pagsisisi at pagsunod sa Iyo. (Col. 1:10)

**26**. Ama, pagalingin Mo ang puso at isipan ng mga biktima ng karahasan sa Dominican Republic. Alisin Mo sa kanila ang takot at pagkalooban Mo sila ng tapang na humingi ng saklolo. (Isa. 54:14)

**27**. Panginoon, ingatan Mo at pagkalooban ng kagalingan ang mga kababaihan sa Mexico na dinukot, nilapastangan, at inabuso. Aliwin Mo ang mga pamilya ng mga nawawalang kababaihang ito. (Ps. 91:14-15)

**28**. Nawa ang mga kababaihan sa Uruguay ay makatagpo ng hustisya, panunumbalik at kalayaan mula sa sekswal na pagsasamantala at pagkalakal ng tao. Itindig Mo ang Iglesya upang masagip at makamtan nila ang kagalingan. (Prov. 31:8-9)

**29**. Nawa ang nakakatandang Kristianong kababaihan sa U.S ay lumakad kasama ng mga Kabataang babae na nagnanais ng makadiyos na relasyon ngunit wala pang nakikitang halimbawa ng makadiyos na pag-aasawa. (Titus 2:3-5)

**30**. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang mga mamamayan sa Brazil sa kanilang pagboto sa eleksyon 2026. Nawa ang eleksyon ay maging patas at malinis. (Dan. 2:21)

**31**. Nawa ang mga kababaihan sa Uruguay na nagdurusa dahil sa pagmamalupit ay makatagpo ng kaaliwan, katapangan at layunin kay Cristo upang mapagtagumpayan ang kanilang takot at makatanggap ng direksyon para sa kanilang buhay. (Ps. 27:1)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**